Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

Synod 2021 2024
For a synodal Church
communion | participation | mission

15 Setyembre 2024 Ika-24 na Linggo sa Karaniwang Panahon Taon B

# Gawa, Hindi Ngawa; Katuwiran, Hindi Kalakaran!



*Ipinaaalaala sa atin ngayon ang tungkulin nating lahat – pasanin ang ating krus bilang pagsunod sa yapak ni Kristo. Ito'y di isang bagay na malugod nating tinatanggap pagkat ang krus ay laging may kaakibat na pagdurusa at kamatayan. Natural nating pinipili ang buhay at pagpapasarap sa buhay. Mas madali ang ngumawa. Mas madali ring sumunod lamang sa agos ng kalakaran. Nguni't ang panawagan sa atin ay ang sumunod sa katuwiran at magpasan ng krus. Maaaring ito ang krus ng pagkakasakit, mga natural na kapansanan, mga kabiguan, o kawalan ng katarungan. Maaari rin itong krus ng pagsasabuhay ng ating pananampalataya, gaya ng paalaala sa atin ni Santiago: gawa hindi ngawa. Maaari ring ito ang krus ng pagpaparaya sa isa't isa sa ating pamilya, sa ating pinapasukang trabaho, sa ating mga pamayanan. Katuwiran ang paghamon sa atin, hindi ang pagpapadala sa unos ng kalakaran.*

*Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyayang mapasan natin ang ating krus nang buong tiyaga at pananalig, at laging inaalalang ang krus ay siyang dakilang tulay tungo sa langit.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kapayapaa'y ibigay sa bayan mong naghihintay upang iyong patunayang propeta'y maaasahan. Dalangin nami'y pakinggan.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** –Papuri at luwalhati kay Hesus na nagligtas sa atin sa pamamagitan ng dugo ng kanyang krus. Ang kanyang biyaya ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** –**At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** –Mga Kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan, upang maging karapat-dapat tayo sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo. *(Manahimik saglit.)*

***P*** –Panginoong Hesus, tinubos mo kami ng iyong buhay. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** –Panginoong Hesus, hiningi mo sa iyong mga disipulo na pasanin nila ang kanilang krus at sumunod sa iyong mga yapak. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** –**Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** –Panginoong Hesus, inaasahan mo kaming tulungan namin ang aming kapwa sa pagpasan ng krus ng kanilang mga pagsubok. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

**Panalanging Pambungad**

*P* –Ama naming makapangyarihan, ikaw ang Lumikha at Tagapamahala ng tanang umiiral. Tunghayan mo kami upang ang iyong awa ay aming maranasan at ipagkaloob mong ikaw ay aming wagas na mapaglingkuran sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Isa 50:5-9***
*Inilalarawan sa atin ni Propeta Isaias ang nakaaantig na anyo ng "Nagdurusang Lingkod" na buong hinahong nagtitiis ng lahat ng pahirap, at umaasa lamang sa kanyang kawalan ng sala at sa tulong ng Panginoon.*

*L*– Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Binigyan ako ng pang-unawa ng Panginoon, hindi ako naghimagsik ni tumalikod sa kanya. Hindi ako tumutol nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang ako'y kanilang insultuhin. Pinabayaan ko silang bunutin ang buhok ko't balbas, gayundin nang lurhan nila ako sa mukha.**

**Ang mga pagdustang ginawa nila'y 'di ko pinapansin, pagkat ang Makapangyarihang Panginoon ang tumutulong sa akin. Handa akong magtiis pagkat aking batid na ang sarili ko'y di mapapahiya.**

**Ang Diyos ay malapit at siya ang magpapatunay na wala akong sala. May manganganghas bang maghabla sa akin? Magharap kami sa hukuman, at ilahad ang kanyang bintang. Ang Poon mismo ang magtatanggol sa akin. Sino ang makapagpapatunay na ako ay may sala?**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 114***

*B* –***Kapiling ko habambuhay ang Panginoong Maykapal!***

*R. M. Velez*




* **Mahal ko ang Panginoon, pagka't ako'y dinirinig. Dinirinig niya ako, sa dalangin ko at hibik; ako'y kanyang dinirinig tuwing ako'y tumatawag, kung ako ay tumatawag, sinasagot niya agad.** ***B.***

* **Noong ako'y mahuhulog sa bingit ng kamatayan, nadarama ko ang tindi ng takot ko sa libingan; lipos ako ng pangamba at masidhing katakutan. Sa ganoong kalagayan, Panginoo'y tinawag ko, at ako ay nagsumamo na iligtas niya ako.** ***B.***

* **Mabuti ang Panginoon, siya'y mahabaging Diyos, tunay siyang mahabagin at mapagpahinuhod. Panginoo'y nagtatanod sa wala nang sumaklolo, noong ako ay manganib, iniligtas niya ako.** ***B.***

* **Ako'y kanyang iniligtas sa kuko ng kamatayan, tinubos sa pagkatalo, at luha ko'y pinahiran. Sa harap ng Panginoon doon ako mananahan, doon ako mananahan sa daigdig nitong buhay.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***San 2:14-18***
*Sa siping ito, sinulat ni Santiago ang kilalang pangungusap: "Patay ang pananampalatayang walang paggawa." Sa gayo'y binibigyan niya ng diin ang pangangailangang lakipan natin ang ating pananampalataya ng mga gawang makatarungan at mapagmahal.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago

**Mga kapatid: Ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya?**

**Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon?**

**Gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa. Ngunit may nagsabi, "May pananampalataya ka at may gawa ako." Sagot ko naman, "Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang kalakip na gawa, at ipakikita ko naman sa iyo sa pamamagitan ng aking mga gawa ang aking pananampalataya."**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

*B* –**Aleluya! Aleluya!
Sa krus ni Kristo dinangal itong ating pamumuhay na para sa kanya lamang.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Mc 8:27-35***
*Sa ngalan ng Labindalawa, si Pedro'y nagpahayag na si Hesus ang Mesiyas, ngunit mariin niyang itinangging magdurusa ang Mesiyas. Sa kanyang tugon, pinaalalahanan ni Hesus si Pedro at lahat tayo sa ating tungkulin na tanggapin ang plano ng Diyos kahit na kailanganin nito ang ating pagtanggi sa sarili.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P*– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, si Hesus, kasama ang kanyang mga alagad, ay nagtungo sa mga nayon ng Cesarea, sakop ni Filipo. Samantalang sila'y naglalakbay, tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ako ayon sa mga tao?" Sumagot**

**sila, "Ang sabi ng ilan ay si Juan Bautista kayo; sabi naman ng iba, si Elias kayo; at may nagsasabi pang isa kayo sa mga propeta."**

**"Kayo naman – ano ang sabi ninyo? Sino ako?" tanong niya. "Kayo ang Kristo," tugon ni Pedro. "Huwag ninyong sasabihin kaninuman kung sino ako," mahigpit na utos niya sa kanila.**

**Mula noon, ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao'y dapat magbata ng maraming hirap. Siya'y itatakwil ng matatanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba, at ipapapatay. Ngunit sa ikatlong araw, muli siyang mabubuhay. Maliwanag na sinabi niya ito sa kanila. Kaya't niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagsabihan. Ngunit humarap si Hesus sa kanyang mga alagad at pinagwikaan si Pedro: "Lumayo ka, Satanas! Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."**

**Pinalapit ni Hesus ang mga tao, pati ang kanyang mga alagad, at sinabi, "Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito; ngunit ang mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Mabuting Balita ay siyang magkakamit niyon."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

*P* – Ang pagdurusa ay sadyang bahagi na ng ating buhay. Kailangan natin ang biyaya ng Diyos para makilala natin ang tungkulin nito sa ating kaligtasan. Ngunit lalo nating kailangan ang kanyang tulong sa pagpasan natin sa ating mga krus nang buong tiyaga at pagmamahal. Sa harap ng ating kahinaan, manalangin tayo:

*B* – **Panginoon, tulungan mo kaming pasanin ang aming Krus!**

* Nawa'y laging ipahayag ng buong Simbahan ang pagka-Diyos ni Hesus sa mundong malimit na tumatanaw sa kanyang pagkatao lamang. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y tuwinang pahalagahan ng ating mga pamilyang Katoliko ang kaloob na buhay at patunayan ang kanilang masuyong kalinga sa lahat ng kanilang kapamilya, lalo na sa mga bata, matatanda, at maysakit. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y hindi panghinaan ng loob ang mga misyonero sa buong mundo dahil sa pagtatakwil at pag-uusig. Bagkus, puspusin nawa sila ng tiyaga at pananalig ng gaya ng kay Kristong Lingkod ng Panginoon. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mga pinuno ng mga grupong relihiyoso at mga pangunahing pamayanang pang-simbahan ay laging maging inspirasyon sa iba pang mga miyembro. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mga napilitang lumisan sa kanilang sariling bayan ay agad ding makabalik nang malaya't marangal sa kanilang katutubong lugar. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang tayong lahat ay matutong makinig sa panaghoy ng kalikasan at sa pagtangis ng lahat ng biktima ng mga trahedya sa kalikasan at hagupit ng pagbabago ng klima, at nang lahat ay matuto ring mangalaga para sa daigdig na kinalalagyan natin. Manalangin tayo! ***B.***

*P* – Panginoong Hesus, lingapin ng iyong habag ang lahat ng nagdurusa, lalo na ang mga nagdurusa alang-alang sa pananampalataya. Ipagkaloob mo sa kanila at sa amin ang kasiyahan ng iyong mapagligtas na presensiya. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

*B* – **Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .

***B*** – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, mawain mong dinggin ang aming mga pithaya at paunlakan mo ang paghahaing aming inihanda upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Prepasyo IV

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** – **Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** – **Marapat na siya ay pasalamatan!**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng

sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

***P* –** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Pag-ibig na iyong bigay ay hindi matutumbasan, laging ikaw ang kanlungan ng iyong bayang hinirang na 'yong sinusubaybayan.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –**Ama naming mapagmahal, ang aming kalooban nawa'y pagharian ng aming tinanggap na pakikinabang upang huwag ang diwa namin ang umiral kundi ang bunga ng pagdiriwang ang laging mamayani sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Bigyan nawa kayo ng Panginoon nating Diyos ng lakas para pasanin ang mga krus ng inyong pang-araw-araw na buhay.

***B* –Amen!**

***P* –**Tibayan nawa Niya ang inyong pananampalataya at puspusin kayo ng kagalakan upang magpunyagi kayo sa paggawa ng mabuti.

***B* –Amen!**

***P* –**Tibayan nawa Niya ang inyong pananampalataya at puspusin kayo ng kagalakan upang magpunyagi kayo sa paggawa ng mabuti.

***B* –Amen!**

***P* –**Akayin nawa Niya kayo sa Kanya at turuan kayong manunton sa kawanggawa at kapayapaan.

***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon!

***B* –Salamat sa Diyos!**

## KALAKARAN O KATUWIRAN?

*Kalakbay at Katoto*

**Malaki ang kinalaman ng lakad o pagla-lakad sa pagninilay natin sa Linggong ito.** Si Isaias ay isang propetang banat sa hirap ng paglalakad. Siya rin ang propetang pinakamarami ang winika tungkol sa paglalakad sa iba-ibang pamamaraan sa kasaysayan ng Biblia. Ang unang pagbasa sa araw na ito ay kanyang tugon sa lahat ng uri ng pagsubok maging sa sandaling siya ay naglalakad sa gitna ng kadiliman at matinding kahirapan.

**Sinasalamin ni Isaias ang landas na tinatahak natin bilang taga-sunod ni Kristo** – ang lahat ng uri ng hilahil at pasanin . . . ang susun-susong mga pagsubok na unti-unting naghahatid sa atin upang manghinawa, magsawa, at bumitaw sa paggawa ng mabuti.

**Pinakamadali ang manatili lamang sa pag-ngawa.** Nguni't mahirap ang tumuloy sa paggawa. Ito ang sinasaad sa liham ni Santiago: *"Patay ang pananampalatayang walang kala-kip na gawa."*

Salamin rin ng mga salita ni Santiago ang buhay natin bilang bayan. Tayo ang itinuturing na tanging bansang Kristiyano

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
*Postal Address:* P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
*Tel. Nos.* 8894-5401; 8475-8945 • *Website:* www.wordandlife.org
• *E-mail:* wordandlifepublications@gmail.com • *FB:* Word And Life Publications
• *Editorial Team:* Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• *Illustrations:* A. Sarmiento, B. Cleofe • *Circulation:* R. Saldua

sa Asya. Totoo nga ito. Pero totoo rin na mura ang buhay sa Pilipinas.

**Mabilis ang salita; madulas ang bunganga; nguni't matumal ang paggawa.**

**Ito ang kalakaran sa ating lipunan.** Ito ang kinagawian na malayo sa ebanghelyo. Panay ang ngawa lalu na tuwing malapit ang halalan. **Nguni't malinaw sa mga pagbasa na hindi kalakaran, kundi katuwiran ang dapat pag-ukulan ng pansin.**

Sa kabila ng kadiliman at kahirapan, ito ang tugon natin, tulad ng tugon ni Isaias sa kanyang mga pagsubok: ***"Maglalakad ako sa harapan ng Panginoon sa lupain ng mga buhay!"*** **Ito ay hindi lamang isang hula at mabulaklak na pananalita**. Ito ay konbiksyon at malalim na paniniwala ng isang hindi bunganga, kundi, pananampalataya ang pinaiiral sa sarili.

Ito ang bunga ng isang paglalahad na walang iniwan sa tugon ni Pedro sa makailang ulit na tanong ng Panginoon sa kanila: *"Sino ba ako ayon sa mga tao?"*

**Puedeng bunganga lamang ang pairalin dito**. Puedeng pag-ngawa lamang ang siyang palutangin tulad ng mga may kapangyarihan. Pero hindi ito ang hingi ng pananampalataya … hindi lamang ito isang press release, ika nga. Hindi lamang isang scoop o palitaw na balitang walang kinalaman sa gawa.

Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi nasiyahan ang Panginoon sa unang mga tugon ng mga disipulo. Kayo . . . Ako at Ikaw . . . hindi sila . . . ano ang sabi ninyo kung sino ako?

**Katuwiran, hindi kalakaran ang dapat umiral. Katotohanan, hindi palitaw na balita ang dapat maghari sa bayan**. Katapatan, hindi pabalat bungang kababawan at ugaling kalabaw ang dapat siyang makita sa mga naghahangad "maglingkod" sa bayan! Kasama tayong lahat dyan . . . maging pari o politiko; maalam o hangal; matanda o bata.




# Grab a copy of . . .

**Special Features:**

- Narration of the Fatima events and messages in heart-conquering manga style comics
- A unique "Rosary Guide" with an artistic visualization for each of the twenty Mysteries, and all the prayers used in reciting the Rosary
- It also contains the following articles:
  - *The Popes and Fatima
  - *The Importance of the Message of Fatima
  - *The Alliance of Billions of Hearts
  - *The Five First Saturdays Devotion
  - *The Treasury of the Rosary

**Technical Data:**

48 pages (7" x 10") Manga style comics in black & white premium paper; Cover in full color

